
MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin	Paaralan:	Visit DepEdResources.com for More	Baitang:	4
	Pangalan ng Guro:		Asignatura:	EPP
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:	SEPT. 30 – OCT. 4, 2024 (WEEK 1)	Markahan at Linggo:	Ikalawang Markahan

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Naipamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, halamang-gulay, at punong-prutas..
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mga mag-aaral ang natural na pamamaraan ng pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, halamang-gulay, at punong- prutas.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	**Mga Kasanayan** 1. Natatalakay ang kahulugan ng agrikultura, mga sangay nito sa paghahalaman. 2. Natatalakay ang mga pamamaraan ng pagtatanim ng halaman 3. Nakikilala ang iba't-ibang alternatibong paraan ng paghahalaman 4. Natatalakay ang mga kahalagahan at kabutihang dulot ng pag hahalaman sa tao, hayop, at kalikasan o kapaligiran
D. Nilalaman	● Kahulugan ng Agrikultura at mga sangay ng agrikultura sa paghahalaman ● Pamamaraan ng Pagtatanim ng Halaman ● Alternatibong Paraan ng Paghahalaman ● Kahalagahan ng Paghahalaman ● Kahalagahan at Kabutihang-dulot ng Paghahalaman sa Hayop , Kalikasan o Kapaligiran ● Mga Salik na dapat isaalang-alang sa Paghahalaman
E. Integrasyon	**SDG 2:** Zero Hunger, **SDG 3:** Good Health and Well-being, **SDG 5:** Gender Equality, **SDG 13:** Climate Action **SDG 15:** Life on Land

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Brian Carlo. (2019, April 12) Ano ang Agrikultura. Pinoy Newbie. Ano ang Agrikultura? - Pinoy Newbie
Hayzkul Lyf. (2013, August 11) Paghahalaman, Kabutihang Dulot at Salik. Hayzkul Lyf: Paghahalaman, kabutihang dulot at salik. IDOCPUB. (2019, October). Pamamaraan ng Pagtatanim. Pamamaraan Ng Pagtatanim [ylyx0m12xenm] (idoc.pub)

Nagpayong Elementary School. (n,d.) Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V. Wordpress. October 28, 2023. Mga Panuntunang Pangkalusagan at Pangkaligtasan sa paghahalaman | Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V (wordpress.com)
Nagpayong Elementary School. (n.d.) Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V. Wordpress. October 28, 2023. Mga Kagamitan at Kasanayan sa Paghahalaman | Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V (wordpress.com)
Portillo, German. (n,d). Aquaponics. Napapanibago Berde. Aquaponics: ano ito, mga katangian at pakinabang sa ekonomiya | Green Renewable (renovablesverdes.com)
Portillo, German. (n.d) Ano ang mga hydroponic Garden. NapapanibagoBerde. Ano ang mga hydroponic garden: mga katangian at uri | Mga Green Renewable (renovablesverdes.com)
Portillo, German. (n.d.) Aeroponics. Napapanibago Berde. Aeroponics: ano ito, kung paano ito gumagana at pangunahing mga kalamangan | Green Renewable (renovablesverdes.com)
Tan, Marilyn. (2019, October 15) Dish Gardening 101. SCRIBD. Dish Gardening 101 | PDF (scribd.com) Wikepedia. (n.d). Intercropping. Intercropping - Wikipedia

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA SA GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	**UNANG ARAW** **1. Maikling Balik-aral: Mind Mapping** Humanap ng kapareha at magbigay ng mga salita na maaaring ikabit sa Agrikultura.  **2. Pidbak (Opsiyonal)**	Bilang pagsisimula sa aralin, magtatanong ang guro upang malaman ang *prior knowledge* ng mga mag-aaral ukol sa agrikultura. Maaring ilagay ang kanilang mga sagot sa kuwaderno.
B. Paglalahad ng Layunin	**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**: **Picture Talk** Ipakita ang larawan at sagutin ang mga sumusunod na tanong. article4.jpg (505×407) (bp.blogspot.com)  **Mga katanungan:** 1. Ano ang nakikita sa larawan? 2. Naranasan mo na bang magtanim ng halaman?	Magpapakita ng larawan at magtatanong hinggil dito. Siguraduhing iproseso nang mabuti ang mga sagot ng mga mag-aaral.

	2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin **Panuto:** Basahin ng mabuti ang nilalaman ng kahon. Ayusin ang mga letra batay sa kahulugan nito. PGALINALING — Ito ay ang paghahasa at pagpapaunlad ng kaalaman AURIKLUTRGA — Ito ay isang agham kung saan nililinang ang pag-aalaga at pagpaparami ng mga halaman at hayop. PAAGPRAAPMI — Ito ay ang prosesong biyolohikal kung saan nalalalang o nililikha ang bagong indibidwal ng organism. ANGIROOMYA — Ito ay ang pag aaral ng lupa kaugnay ng kung paano nito naapektuhan ang paglaki ng mga halaman. ATYEKNOILOH — Ito ay isang imbensyon sa paglalapat ng kasangkapan, kagamitan, makina ta proseso upang mapadali ang pang-araw-araw na gawain ng tao.	Bago tuluyang umpisahan ang aralin ay magbibigay ang guro ng gawain na dapat sagutan ukol sa ilang bokabularyo ng paksang tatalakayin. Ipapakita ng guro ang mga jumbled letters at isa-isang susubukang buuin ng mga mag- aaral.

C. Paglinang at Pagpapalalim	**Kaugnay na Paksa 1: Kahulugan ng Agrikultura at Mga Sangay ng Agrikultura sa Paghahalaman** 1. **Pagproseso ng Pag-unawa: Picture Talk** Ilarawan ang nasa ilustrasyon at sagutin ang mga sumusunod na tanong.  *Pinagkuhanan ng larawan: sektor-ng-agrikultura-6-728.jpg (728×546) (slidesharecdn.com)* **Tanong-Tugon:** 1. Anu-ano ang saklaw ng agrikultura base sa larawan? 2. Sa tingin mo, anu-ano ang pagkakaiba ng mga sangay ng agrikultura? ***Reading Resources*** Ang agrikutura ay isang agham kung saan nililinang ang pag-aalaga at pagpaparami ng mga halaman at hayop. Ito ay ginagawa upang makalikha ng pagkain, damit, at iba pang produkto na makatutulong para masustentuhan ang pamumuhay.	Muling magpapakita ng larawan ang guro kaugnay sa tatalakayin ngayong araw. Hahayaang magbasa ang mga mag-aaral ukol sa kahulugan ng Agrikultura Magpapatuloy ang diskusyon sa iba't-ibang sangay ng agrikulura.

	Ito ay nanggaling sa salitang Latin na "AGRI" na ibig-sabihin ay "LUPA", at CULTURA na nangangahulugan namang "PAGLILINANG". Sa makatuwid, and agrikultura ay nangangahulugan paglilinang ng lupa. Ang mga magsasaka ang isa sa may malaking ginagampanan sa gawaing ito. Sila ang gumagawa ng paraan upang mapataba ang lupa at sila din ang nagtatanim ng mga halaman upang makalikha ng pagkain at iba pang produkto. Ang agrikultura ay maiuugnay din sap ag aalaga ng mga hayop. Ito ay isang mahalagang bahagi ng ekonomiya na may maraming oportunidad para sa mga Negosyo, hindi lamang pagtatanim kung hind imaging pagbuo rin ng mga bagong teknolohiya at proseso upang mapabuti ang pagiging produktibo at kahusayan. Ang agrikultura ay isang agham, sining at proseso sa pagpoprodyus ng pagkain at mga hilaw na produkto, pagtatanim at pag-aalaga ng mga hayop, na tumutugon sa mga pangangailangan ng tao. Ito ay may tatlong sangay: **1. Horticulture o Paghahalaman** Ang paghahalaman ay napoprodyus ang mga pangunahing pananim gaya ng mais, niyog, tubo, saging, pinya, kape, tabako at iba pa. Ang mga pananim na nabanggit ay madalas kinukonsumo hindi lamang sa loob ng bansa kundi pari na rin sa labas. **2. Agronomya o Palalinangang halaman** Ang Agronomiya ay pag aaral ng lupa kaugnay ng kung paano nito naapektuhan ang paglaki ng mga halaman. Ito ay nagsasagawa nag pagpapainam at magpapahusay pa sa paggamit ng lupa at makakapagpataas ng dami ng pagkain at mga pananannim na hibla. **3. Forestry o Paggugubat** Ito ay isang hakbang o gawain upang linangin ang yamang kagubatan. Mahalaga ito sa mga negosyong may kinalaman sa kahoy. Ilan sa mga produkto na nagmumula sa paggugubat ay ang mga sumusunod: plywood, at veneer. **2. Pinatnubayang Pagsasanay** **Panuto:** Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga sumusunod ng pangungusap ukol sa agrikultura. 1. Ang agrikultura nakatuon sa _____ 2. Ang paghahalaman ay nakapokus sa_____	Upang malaman ang kaalaman ng mga mag-aaral sa unang paksa, ibigay ang gawaing sila mismo ang kukumpleto sa

	3. Ang palinangang halaman ay nag-aaral sa _____ 4. Ang paggugubat ay isang gawain na naglilinang ng_____ **3. Paglalapat at Pag-uugnay**: **Kilalanin Natin** Basahing maigi ang mga sumusunod na pangungusap at sagutan ang kahulugan nito ayon sa tatlong sangay ng agrikultura. Isulat ang sagot sa patlang bago ang numero. **IKALAWANG ARAW** **Kaugnay na Paksa 2: Pamamaraan ng Pagtatanim ng Halaman** **1. Pagproseso ng Pag-unawa: Picture Talk** Pansinin ang mga larawan at ilarawan ang mga ito base sa mga pananim.  inter+cropping.jpg (1024×768) (bp.blogspot.com)  Contour-farming.jpg (611×400) (sunrise.ug)  EdibleEarthscapes: Image (wordpress.com) **Gabay na Tanong:** 1. Ano ang napansin mo sa tatlong larawan na ipinakita? 2. Alin sa tingin mo rito ang mga naitanim nang tuwiran? di-tuwiran? **2. Pinatnubayang Pagsasanay** **Panuto:** Punan ang talahanayan. Ibigay ang pagkakapareho at pagkakaiba ng natural na pamamaraan ng pagtatanim at magbigay ng mga halimbawa. ***Reading Resources*** **1. Tuwirang pagtatanim.** Isang paraan ng pagtatanim na ang ginagawa ay ihulog agad ang buto o binhi kung saang bahagi ng taniman ito nais patubuin. Ito ang pinakapayak na paraan ng pagtatanim. Halimbawa; labanos, patola at kalabasa.	depinisyon ng agrikultura at mga sangay nito. Bilang pagtutuos sa aralin na ito, ibigay ang simpleng gawain. Bilang pagsisimula sa ikalawang paksa, ibigay ang mga iba't ibang larawan. Siguraduhing iproseso ng mga mabuti ang mga sagot ng mga mag-aaral. Ibigay ang gawain na pagkumpleto sa talahanayan pagkatapos ng talakayan.

	Tuwirang Pagtatanim	Di-tuwirang Pagtatanim
Pagkakapareho		
Pagkakaiba		
Halimbawa		

2. **Paglilipat o di-tuwirang pagtatanim.** Ito ay mga halamang tinanim muna sa seed box at pag tumubo na tsaka ilalagay sa lupa. Ito ay maaaring gawin kung nais makatipid sa panahon at maging tuloy-tuloy ang paghahalaman. Halimbawa: Kataka- taka, kamatis, at kalamansi. Ang paglilipat ng punla ay karaniwang ginagawa tuwing hapon upang hindi gaanong malanta ang mga bagong tanim. Inililipat lamang ang mga tanim kung maayos ang panahon.

Natural na pagtatanim

 inter+cropping.jpg (1024×768) (bp.blogspot.com)	Ang intercropping ay isang mahalagang teknik ng pagtatanim na tinatawag ding multiple cropping. Layunin nito ang makapag-impok ng mas maraming ani sa loob lamang ng isang kapirasong lupa sa paraan ng pagtatanim ng isa o mas marami pang uri ng pananim. Ang katumbas ng intercropping sa tagalog ay kultibasyon ng dalawang pananim sa iisang taniman.



Contour-farming.jpg (611×400) (sunrise.ug)

Contour Farming ay ang pagtatanim ng pana- panahong pananim o taunang pananim pabalagbag sa padaisdis na lupa.



EdibleEarthscapes: Image (wordpress.com)

Multiple Farming ay pamamaraan ng pagtatanim na gumagamit ng dalawa o mahigit pang halaman sa iisang lugar ng lupa sa loob ng isang taon sa halip na iisa lamang

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Tukuyin ang mga ang pamamaraan ng pagtatanim na nakapaloob sa bawat larawan.

1. 2.
3.







Ibigay ang gawain na ito bago matapos ang aralin. Maaaring kumuha ng iba pang mga larawan na nagpapakita ng iba't ibang

Kaugnay na Paksa 3: Organikong Pagtatanim

Ang *vertical gardening* ay ang klase ng *urban gardening* na akma para sa taong nais magpalaki ng halaman upang gawing palamuti sa kanilang m dingding o bubong. Ang layunin n ito ay pagpapaganda ng lugar kung sa tutubo ang mga halaman.

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Picture Talk: Ipaliwanag ang mga nasa larawan at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

modern-way-of-vertical-gardening-of-home-and-garden-catalog-on-red-brick-wall-accent-with-

 ug.png (696×365) (wp.com)	 5525c6a856d4eef131e40d739ac6ee24.jpg (1280×960) (pinimg.com)	 modern-way-of-vertical-gardening-of-home-and-garden-catalog-on-red-brick-wall-accent-with-lattice-decoration.jpg (1203×902) (homesfeed.com)	 Linda- (299×; (wp.co		***Reading Resources***

Gabay na Tanong:

1. Paano mo ilalarawan ang iba't ibang uri ng alternatibong pagtatanim na nasa larawan?

2. Pinatnubayang Pagsasanay: Halina't Tukuyin!

Pagmasdang maigi ang mga larawan sa ibaba. Tukuyin kung anong paraan ng pagtatanim ito.


ug.png (696×365) (wp.com)

Isa sa mga pi pagtatanim noong panahon ng pan ang *urban ga* a *translation* nito sa Filipino, ito ay pagpapalaki isang kapaligirang urban. Bukod sa na *indoor pla* mubok sa pagpapalaki ng mga sarili at prutas—k man ang mga nakatira sa siyudad kung saan hindi ito madalas makil


5525c6a856d4eef131e40d739ac6ee24.jp g (1280×960) (pinimg.com)

Containerized Gardening ay sang uri ng paghahalaman na gumagami iba't-ibang klase ng lalagyan upang magtanim ito katulad ng lata, pa plastic at iba pa imbes na sa lupa.

natural na pamamaraan ng pagtatanim. Ipakita ang mga iba’t ibang larawan at tanungin ang mga mag-aaral kung pamilyar  		sila iba’t ibang pamamaraan sa organikong pamamaraan ng pagtatanim. Alalahanin lagi na iproseso ang kanilang mga sagot upang maidirekto sila sa aralin. Ibigay ang gawain sa pagtukoy ng ibat-ibang pamamaraan ng organikong pagtatanim pagkatapos talakayin ang aralin.	

lattice-decoration.jpg (1203×902) (homesfeed.com)	



Linda-Roberts.jpg (299×244) (wp.com)

Dish Gardening ay isang indoor plant na binubuo ng iba't ibang halaman na may ugat, itinanim at inayos ang landscape sa mababaw na paso (***dish***). Ito ay tinatawag din na
Miniature Garden – isang malaking lugar na pinaliit tulad ng isla.



GettyImages-1289402098_baja.jpg (724×482) (frost.com)

Ang hydroponic farming ay isang paraan ng pagpapatubo ng mga halaman na gumagamit ng mineral na solusyon sa tubig, sa halip na itanim ang mga halaman sa isang hardin para gamitin sa lupang sakahan. Ang mga mineral na natatanggap ng mga ugat bilang mga sustansya ay mula sa isang likidong solusyon na naglalaman ng ilang mga kemikal na kinakailangan ng halaman. Ang salitang hydroponics ay nagmula sa salitang Griyego na nangangahulugang "tubig."



introduction-to-aquaponics-628x356.jpg (628×356) (powerhousehydroponics.com)

Ang *aquaponics* Ito ay isang paraan ng pagtatanim na pinagsasama ang mga katangian ng tradisyunal na paraan ng
pagsasaka ng isda na ginamit sa aquaculture kasama ang hydroponic pagsasaka.



aeroponics-diagram.jpg (930×716) (wp.com)

Ang salitang aeroponics ay isang systema na naglalagay sa trabaho ng hangin upang makapagpatubo ng mga pananim. Ito ay tungkol lumalagong mga halaman kung saan ang mga ugat ay nasuspinde sa hangin. Nakukuha ng mga halaman ang mga nutrisyon sa isang solusyon na nakabatay sa tubig na naihatid sa mga ugat ng isang pinong ulap o hamog.

3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Sagutin ang tanong. (10 puntos)

Ayon sa iba't-ibang uri ng alternatibong pagtatanim, ano sa tingin mo ang naaangkop na isagawa sa inyong tahanan? Ipaliwanag.

IKATLONG ARAW

Kaugnay na Paksa 4: Kahalagahan ng Paghahalaman

1. Pagproseso ng Pag-unawa: Tanong-Tugon

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Bakit itinuturing na mahalaga ang paghahalaman?
2. Magbigay ng isang halimbawa ng kabutihang dulot ng paghahalaman sa tao, hayop at kapaligiran at ipaliwanag

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Panuto: Sa pamamagitan ng mga larawan, tukuyin ang mga dulot ng paghahalaman.

https://www.theartofdoingstuff.com/wp-content/uploads/2019/06/fun-plants-2019-6.jpg	 10 na halamang gamot – Bing images	 mahogany market tinda halaman – Bing images	 halaman nagbibigaw nag sariwang hangin, tubig at pagkain – Bing images	 halaman bilang tulong sa mga hayop – Google Search	 landslide – Google Search

Reading Resources

Mga Kahalagahan ng Paghahalaman

1. Ang paghahalaman ay mainam para sa mga taong nananatili lamang sa bahay o kaya ay may taglay na pagkahilig sa halaman. Maganda itong libangan kung saan maaari ring mangolekta ng iba't-ibang uri ng halaman at magpadami.
2. Bago pa man magkaroon ng iba't-ibang makabagong panlunas sa mga sakit, ang mga halaman ang naging katuwang ng tao upang malunasan ang mga karamdaman na siyang ipinasa o ipinamana sa napakaraming henerasyon.
3. Ang pag-aalaga ng halaman ay maaari ring pagkakitaan. Dahil sa angking ganda at likas na benepisyo marami ang nagnanais na bumili para sa palamuti o iba pang kadahilanan.
4. Ang halaman, sa inilalabas nitong oxygen, ang nagsisilbing kapalitan ng tao sa *carbon dioxide*. Nagproprodyus ang mga halaman ng sariwang hangin. Nagbibigay din ang halaman ng sariwang pagkain sa tao

Ibigay ang gawain bilang pagtutuos sa aralin.

Bilang pagsisimula sa aralin na ito, ibigay ang mga katanungan na may kaugnayan sa aralin. Iprosesong mabuti ang mga sagot ng mga mag-aaral.

Ibigay ang kahalagahan ng paghahalaman na ipinapakita ng mga larawan. Maaaring ibigay ito bago ang talakayan.



6. Kumakapit ang ugat ng halaman sa lupang taniman kaya nakakaiwas sa *landslide* o pagguho ng lupa.
7. Ang mga halaman gaya ng kalachuchi, ilang-ilang at iba pa ay maaaring magsilbing lilim sa sikat ng araw.
8. Ang mga halaman ay nagpapaganda ng kapaligiran dahil sa makukulay nitong bulaklak at dahon.

Mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paghahalaman

1. Gumamit ng mga kasangkapang nasa maayos na kondisyon. Iwasan ang paggamit ng mga kinakalawang, mapupurol at may sirang kasangkapan o kagamitan.
2. Maglaan ng maayos at matibay na lalagyan para sa mga kagamitan at kasangkapan lalo na kung hindi ito ginagamit.
3. Gamitin nang buong ingat ang mga kagamitan at kasangkapang may talim. Tiyaking walang tao sa iyong likuran o malapit na maaring matamaan nang di sinasadya.
4. Pagtuunan ng pansin ang ginagawa. Iwasan ang pakikipag-usap o pakikipagtalo habang gumagawa
5. Magsuot ng damit pantrabaho at pamalit na bihisan pagkatapos gumawa
6. Linisin at itago sa isang ligtas na lugar ang mga kagamitan at kasangkapan.
7. Maghugas ng kamay pagkatapos gumawa. Linisin din ang ilang bahagi ng katawan na narumihan habang gumagawa

Kagamitan at kasangkapan sa paghahalaman at paraan ng pag-iingat sa mga ito

 asarol.jpg (400×300) (wordpress.com)	**Asarol** – Pambungkal ng lupa



https://images.app.goo.gl/8yW8a2yCqGvqvEHK8

Piko – Pangbungkal sa matigas na lupa

 rake.jpg (500×449) (wordpress.com)	**Kalaykay** – Ginagamit sa pagpapantay ng lupa at paghihiwalay ng bato sa lupa.



Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V: Image (wordpress.com)

Tinidor – Pandurog ng malalaking kimpal ng lupa.



Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V: Image (wordpress.com)

Trowel – Ginagamit sa paglilipat ng punla, pagpapaluwag ng lupa at pagtatabon.



Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V: Image (wordpress.com)

Itak – Pamutol sa mga sanga at puno ng malalaking halaman.



6419498052.jpg (328×154) (proprofs.com)

Bareta – Ginagamit sa paghuhukay ng malalaking bato at tuod ng kahoy.

 mga-kagamitan-sa-paghahalaman-10-638.jpg (638×479) (slidesharecdn.com)	**Karet** – Pamputol ng mataas na damo.



Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V: Image (wordpress.com)

Palakol – Pamputol ng malalaking kahoy.



regadera.jpg (271×186) (wordpress.com)

Regadera –Pandilig ng mga halaman.



timba.png (250×188) (wordpress.com)

Timba – Panghakot ng tubig na pandilig.



kartilya.jpg (259×194) (wordpress.com)

Kartilya – Lalagyan at panghakot ng lupa at kagamitan.



kahong-kahoy.jpg (400×242) (wordpress.com)

Kahong Kahoy – Lalagyan ng lupa na maaari ring pagtaniman.

	dulos.jpg (600×600) (wordpress.com) **Dulos** – Pantanggal ng damo sa halamanan at pampaluwag sa lupa Ang mga salik na dapat isaalang-alang sa paghahalaman ay kamang taniman, kagamitang panghardin, pandilig na tubig, pataba, at sikat ng araw. **3. Paglalapat at Pag-uugnay: Picture Collage** Gumawa ng *picture collage* ukol sa iba't-ibang kabutihang dulot ng pagtatanim sa kapaligiran, sa mga hayop, at mga tao. Lagyan ng maganda pamagat at deskripsyon ang iyong likha.	Ipagawa ang *picture collage* ukol sa kalagahan ng pagtatanim sa kapaligiran, sa mga hayop, at mga tao.
D. Paglalahat	**1. Pabaong Pagkatuto** **Tanong-Tugon**: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. 1. Anu-ano ang kahalagahan ng kaalaman sa iba't ibang uri ng pamamaraan ng pagtatanim? 2. Anu-ano ang mga kahalagahan ng pagtanim **2. Pagninilay sa Pagkatuto**  	Bilang pagtatapos sa aralin, ibigay ang mga katanungan. Alalalahanin na idagdag sa talakayan ang integrasyon ng UN SDG 2, 3, 5, 13, and 15. Ibigay din ang *reflection log.* Maaaring ilagay nila ang kanilang mga sagot sa kani-kanilang kuwaderno.

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	**IKAAPAT NA ARAW** **1. Pagsusulit** **I. Pagtukoy** **Panuto:** Tukuyin ang isinasaad ng mga sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa patlang. _____1. Ito ay tinatawag din na *miniature garden* – isang malaking lugar na pinaliit tulad ng isla. _____2. Ito ay isang uri ng paghahalaman na gumagamit ng iba't-ibang klase ng lalagyan upang magtanim ito katulad ng lata, paso, plastic at iba pa imbes na sa lupa. _____3. Ito ay isang klase ng *urban gardening* na akma para sa taong nais magpalaki ng halaman upang gawing palamuti sa kanilang mga dingding o bubong. _____4. Ito ay isang paraan ng pagpapatubo ng mga halaman na gumagamit ng mineral na solusyon sa tubig. _____5. Isang pinagsasamang mga katangian ng tradisyunal na paraan ng pagsasaka ng isda na ginamit sa aquaculture kasama ang hydroponic pagsasaka. **II. Tama o Mali** **Panuto:** Tukuyin kung tama o mali ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang tama kung tama ang pahayag, mali kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa patlang. _____1. Ang pag-aani ay nakakatulong sa pagpigil ng baha at pagkaguho ng lupa _____2. Ang paghahalaman ay isang mabuting libangan _____3. Ang paghahalaman ay nakakapagbigay ng sariwang hangin at malinis na pagkain at tubig, _____4. Isang paraan para mabawasan ang polusyon ay ang pag-alaga ng halaman. _____5. Ang agrikultura ay isang agham, sining at proseso sa pagpoprodyus ng pagkain at mga hilaw na produkto, pagtatanim at pag-aalaga ng mga hayop na tumutugon sa mga pangangailangan ng tao. **III. Maikling Sanaysay** **Panuto: Ipaliwanag ang** sumusunod na tanong. 1. Ano-ano ang mga kabutihang dulot ng paghahalaman sa tao, hayop at kapaligiran? (10 puntos) **2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin (Opsiyonal)**	Ibigay ang pagsusulit upang masukat ang nakalap na kaalaman ng mga mag-aaral. Maaring lapatan ng stratehiya ang bahaging upang mas kapana-panabik ang pagtataya.

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:
▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>
Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?
▪ <u>Mag-aaral</u>
Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?
▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>
Ano ang aking nagawang kakaiba?
Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>